PW
PINOYWEEKLY.ORG
TOMO 17 ISYU 07 10 MARSO 2019

Alternatibo sa RTL 3
Suporta sa Venezuela 8
Rebyu: Kangkungan 12




# Tindig-progresibo sa Makabayan Slate

Ano ang progresibo o makabayan sa pag-eendorso ng tradisyunal na mga pulitiko na tumatakbo sa pagkasenador ngayong eleksiyon? Sundan sa pahina 6

LARAWAN; LITO OCAMPO

# Sa ngalan ng patrimonya at tubo

EDITORYAL

**Binebenta't pinaghahatian nang patalikod ang teritoryo't patrimonya ng bansa sa ngalan ng kita't tubo para sa gobyerno sa maanomalya at makaisang panig na Chico River Pump Irrigation Project sa pagitan ng China at Pilipinas.**




RENAN ORTIZ

Batbat ng kontrobersiya ang naturang P3.6B kasunduan, isa lamang sa ilang sikretong kasunduan na labis labis na pumapabor sa mga alituntuning tinatakda ng China. Kamakailan lamang, siniwalat ni Rep. Neri Colmenares ang listahan ng mga di-pantay na probisyong nakasaad sa naturang kasunduan na aniya'y naglalagay sa bansa sa posisyong "tila probinsiya na lamang na kayang diktahan ng China."

Sa ilalim nito, magbabayad ang bansa sa China ng napakataas na 2% interest rate kada taon para sa naturang kasunduan kumpara sa karaniwang .25% lamang na interest rate na binibigay ng ibang bansa. Higit sa lahat, malinaw ang pautal-utal ngunit pataksil na pagbebenta ng patrimonya ng bansa sa China sa ilalim ng probisyong nagpapahintulot ng pagsamsam nito sa patrimonial assets ng Pilipinas na may kinalaman sa komersyo sakaling mabigo ito sa pagbabayad. Ilan lamang dito ang mga port, airport at maging ang LRT o MRT.

Pinakamatindi sa lahat, tinatago sa publiko ang dokumento ng mga maanomalyang kasunduan sa pagitan ng China at ng gobyerno.

Lubos na tuso at makaisang panig ang kasunduan na kahalintulad din ng kasunduang pinasok ng gobyerno ng Sri Lanka sa pagitan ng China sa kaso ng Hambantota Port. Kamakailan lamang, sa ilalim ng mabibigat na interes at kondisyong pinataw, napasakamay nito ang estratehikong Hambantota Port at nagmamay-ari ng kontrol dito sa loob ng susunod na 99 taon.

Hindi malayo rito ang kasasapitan ng mga sikreto at maanomalyang kasunduang tahimik na pinapasok ng gobyerno habang sinusubo ang mamamayan sa hurno ng nagbabagang apoy ng kapahamakan.

Sa kaso ng Pilipinas, hindi pa sumapat ang pangangamkam sa West Philippine Sea, tumuloy na rin ang China sa unti-unting pangangamkam ng teritoryo't mga pampublikong pasilidad sa loob mismo ng bansa. Pinakamasahol dito, walang ibang kakutsaba sa pagyurak at pagbebenta ng patrimonya't soberanya kundi ang gobyerno ng Pilipinas.

Nakasalalay kung ganoon sa kamay ng mamamayan ang patuloy na paninindigan at pagtatanggol sa patrimonya't kalayaan ng bansa sa harap ng tumitinding pangangamkam at pananakop. Tulad ng mga aral ni Macli-ing Dulag, bayani ng Cordillera na magiting na lumaban sa pagtatayo ng Chico Dam at pinaslang noong diktadurang Marcos, sa huli't huli, nasa mapagpasyang lakas at sama-samang pagkilos ng mamamayan napagtatagumpayan ang pinakamabibigat na laban. PW

PW PINOYWEEKLY.ORG

EDITORIAL BOARD Leo Esclanda, Cynthia Espiritu, Darius R. Galang, Kenneth Roland A. Guda, Silay Lumbera EDITOR IN CHIEF Kenneth Roland A. Guda EDITORIAL STAFF Abie Alino, JL Burgos, Jaze Marco, Gabby Pancho, Peter Joseph Dytioco, Christopher Pasion, Soliman Santos, Lucan-Tonio Villanueva Circulation Ryan Plaza Admin Officer Susieline Aldecoa Publisher PinoyMedia Center, Inc. | Email: pinoymediacenterinc@gmail.com PMC BOARD OF TRUSTEES Rolando B. Tolentino (chair), JL Burgos, Bienvenido Lumbera, Bonifacio P. Ilagan, Luis V. Teodoro, Leo Esclanda, Kenneth Roland A. Guda, Evelyn Roxas, Jesus Manuel Santiago Executive Director Silay Lumbera EDITORIAL OFFICE 3rd flr UCCP Bldng, 877 EDSA, Quezon City PH www.pinoyweekly.org Email: pinoyweekly@gmail.com

PMC

# Alternatibo sa rice tariffication

Ikatlo sa tatlong bahagi

**Kayang maprodyus ng magsasakang Pilipino ang pangangailangan ng bansa sa bigas. Kailangan lang ng suporta ng gobyerno.** Ni Ronalyn Olea/Bulatlat.com

**Inilalaban ng mga magsasaka at iba pang mga grupo ang pagpasa ng Genuine Agrarian Reform Bill (GARB) at Rice Industry Development Act (RIDA) bilang mga solusyon na papalit sa ipinipilit na polisiya ng World Trade Organization (WTO). Ayon sa mga magsasaka, lalo lang papalalain ng pagliliberalisa sa bigas ang kalunus-lunos na kalagayan ng agrikultura sa bansa.**

Ang **rice tariffication bill** ay naipangako ng Pilipinas sa WTO. Tinatanggal ng panukalang batas na ito ang restriksiyon sa dami ng bigas na puwedeng angkatin ng bansa, at pinapalitan na lamang ng 35 porsiyento na taripa para sa mga miyembro ng ASEAN, at 50 porsiyento naman sa mga hindi miyembro.

Ayon sa tagapagsalita ng **Bantay Bigas** na si **Cathy Estavillo,** upang tuluyang matugunan ang krisis sa bigas, kailangan pagtuunan ng pansin ng administrasyong Duterte ang paglago ng agrikultura, partikular na ang libreng pamamahagi ng lupa



KARL CASTRO/PW FILE PHOTO

at pagbibigay ng sapat na suporta at subsidiya sa mga magsasaka para mapababa ang gastos sa produksiyon.

Giit ni Estavillo, nailapag na ng **blokeng Makabayan** sa House of Representatives ang **House Bill No. 555** (GARB) noong Hunyo 30, 2016 at **House Bill No. 8512** (RIDA) noong Oktubre 17, 2018.

### Rasyunale

Ayon sa mga lumikha ng GARB, pangunahing sanhi ng hindi pag-unlad sa agrikultura ang monopolyo sa lupa. Ebidensiya na nito ang kabiguan ng tatlong dekada ng **Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP).** Giit ng mga tagapagtaguyod ng GARB, walang nagawa ang CARP kundi isabatas ang buy-and-sell na transaksiyon ng **Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Environment and Natural Resources (DENR)** at ang dapat na magiging benepisyaryong magsasaka.

Sa kabila ng pagkakaroon ng CARP at ng iba pang mga repormang agraryo, pito sa 10 magsasaka pa rin ang walang sariling lupa, ayon sa **Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.**

Para sa mga tagapagtaguyod ng GARB, unang hakbang sa pagpapaunlad ng agrikultura ang pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka. Ayon sa mga sumulat ng panukalang batas, nilalayong tugunan ng GARB ang patong patong na krisis sa industriya ng bigas na nagpahina sa productive capability nito, nag-antala sa pag-unlad ng industriya, at pumigil sa pagkakaroon ng Pilipinas ng seguridad sa pagkain. Para sa mga sumulat ng GARB, repormang agraryo ang pinakamabisang solusyon.

Mga tagapagtaguyod rin ng GARB ang naglathala ng RIDA, na tinawag nilang "tandem legislation" o magiging kasangga ng GARB sa pagtugon sa krisis sa agrikultura. Ang RIDA, tulad ng GARB, ay nakasandal sa pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka bilang primaryang tugon sa krisis sa bigas.

### Susing bahagi ng RIDA

Nilalayon ng panukalang batas na ito na palaguin ang industriya ng bigas sa pamamagitan ng nakatakdang pagkakalendaryo ng mga hakbang. Sa RIDA, iminumungkahi ang pagkakaroon ng **P495-Bilyon** para sa **Three-Year Implementation Plan**, na binubuo ng **Rice Production Socialized Credit Program** (P25-B); **Accelerated Irrigation Development Program** (P45-B at P20-B para sa rehabilitasyon at pagpapasaayos; **Post-Harvest Facilities Development Program** (P30-B); **Farm Inputs Support Program** (P50-B); **Research and Development and Extension Services Program** (P15-B); at local procurement program ng **National Food Authority** (P310-B).

Pangunahing mga probisyon ng RIDA ang pagbatay sa seguridad sa pagkain sa pansariling kakayanan ng bansa at hindi sa patuloy na pag-aangkat; pagprotekta ng lupang sinasaka mula sa land-use conversion; pagpapatibay sa NFA sa pamamagitan ng pagpatawad ng mga utang nito; pagpapataas ng buying price ng palay; ang pagpapababa ng selling price sa mahihirap; pagsisiguro sa security of tenure ng mga magsasaka; pagbuo ng **Local Rice Supply Security Council** upang matugunan ang kagutuman sa mababang lebel pa lamang; at pagtatag ng **National Rice Supply Security Council** na magbabantay sa panganib ng krisis sa bigas at magisisgurong pirmi ang presyo.

Sa ilalim ng RIDA, lahat ng magsasaka ang magiging benepisyaryo, ngunit mas bibigyan ng tuon ang mga magsasakang wala sa tatlong ektarya ang isinasaka at hindi umaabot sa rural poverty line ang taunang kinikita.

Parehong nasa komite pa lamang sa House of Representatives, kilalang balwarte ng mga panginoong maylupa, ang RIDA at GARB. PW

# Usapang babae

KONTEKSTO



DANILO ARANA ARAO

## Naniniwala ka pa bang mas mababa ang kinikita ng kababaihan kumpara sa kalalakihan?

Ayon sa pinakahuling pag-aaral ng **PayScale** tungkol sa kaibahan ng sahod ayon sa kasarian (gender pay gap), nakakakuha lang ng **US$0.78** ang babae sa bawat **US$1.00** na kinikita ng lalaki. At sa isang sitwasyon daw na ang babae't lalaki ay may parehong kuwalipikasyon tulad ng antas ng edukasyon at karanasan, nagiging **US$0.98** sa bawat **US$1.00** ang kaibahan.

Kung ganito ang sitwasyon sa pandaigdigang antas, ano naman ang kalagayan ng kababaihan sa Pilipinas? Kung pagbabatayan ang **Women and Men FactSheet 2019** mula sa **Philippine Statistics Authority (PSA),** may dahilan ba para magbunyi ang kababaihan sa usapin ng sahod?

Ang average na taunang kinikita raw kasi ng babaeng tagapagtaguyod ng pamilya (household head) ay **P284** kumpara sa lalaking "household head" na **P262.** Oo, mataas nga pero tandaan nating ito ang kinikita sa bawat taon. Kung paniniwalaan ang datos ng PSA na kinuha mula sa **Family Income and Expenditure Survey (FIES)** noong **2015,** nangangahulugang kumikita lang ng **P10.92** ang babae at **P10.08** ang lalaki bawat buwan (kung ang kanyang pagtatrabaho ay **26** na araw).

Medyo mataas nga ang kita ng babae kumpara sa lalaki, pero malinaw na kulang pang pambili ng bigas ang kita sa isang araw. Sadyang walang pinipiling kasarian ang mababang sahod sa Pilipinas.

Pero hindi lang naman usapin ng sahod ang kinakaharap ng babae sa kasalukuyan. Sa konteksto ng kasalukuyang kampanya ng mga kandidato at party-list group para sa halalang mangyayari sa **Mayo 13,** mainam na suriin ang mga nahalal na mga opisyal sa mga eleksiyong nagdaan. (*Tingnan ang Talahanayan*)

| Mga Nahalal na Opisyal ayon sa Kasarian | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Eleksiyon | Babae | Lalaki | Kabuuan | Bahagdan ng Babae |
| 1998 | 2,810 | 14,593 | 17,403 | 16.15% |
| 2001 | 2,999 | 14,480 | 17,479 | 17.16% |
| 2004 | 2,922 | 14,651 | 17,573 | 16.63% |
| 2007 | 3,040 | 14,442 | 17,482 | 17.39% |
| 2010 | 3,305 | 14,498 | 17,803 | 18.56% |
| 2013 | 3,580 | 14,331 | 17,911 | 19.99% |
| 2016 | 3,849 | 14,092 | 17,941 | 21.45% |

*Pinaghalawan ng datos: Women and Men FactSheet 2019*

Kumpara sa eleksiyon noong **1998**, kapansin-pansin ang unti-unting pagtaas ng bilang ng mga babaeng nahahalal sa puwesto. Kung sabagay, hindi na ito nakakagulat dahil nagkaroon na tayo ng dalawang Presidenteng babae. Babae rin naman ang kasalukuyang Bise Presidente, hindi ba? Pero malinaw sa datos na ang bilang ng mga babaeng nahalal na opisyal ay isa lamang sa bawat lima. Sa madaling salita, nananatili sila sa napakaliit na minorya.

Madaling sabihing ang solusyon sa ganitong problema ay pataasin pa ang sahod ng kababaihan at paramihin pa ang bilang ng mahahalal sa puwesto sa mga darating pang eleksiyon tulad ng mangyayari sa Mayo 13. Pero halimbawa lang na mangyari ang mga ito, may maaasahan bang pagbabago ang kababaihan?

Nariyan pa rin kasi ang itinakdang papel ng lipunan sa babae bilang diumanong "ilaw ng tahanan" na dapat na nag-aalaga ng anak at asawa. Siya pa rin ang inaasahang gumawa ng mga gawaing bahay tulad ng pagluluto, paglalaba, pagpaplantsa at paglilinis ng bahay para siguraduhing komportable ang lalaking diumanong "haligi ng tahanan" sa kanyang pag-uwi. Sa isang sitwasyong kailangang magtrabaho ang parehong mag-asawa, hindi nababawasan ang pasanin ng babae. Siya pa nga ang nasisisi kung hindi napagkakasya sa araw-araw na gastusin ang pinagsamang kakarampot na kinikita nila.

Opo, babalik at babalik pa rin tayo sa tinatawag na patriyarkal na sistema ng lipunang nagbubunsod ng maling kaisipan hinggil sa papel ng babae sa lipunan.

Sa kabila ng retorika ng mas magandang katayuan ng babae sa kasalukuyan kumpara sa nakaraan, kailangang huwag lang matali sa estadistika dahil kailangang suriin ang konteksto ng pinagdaraanan niya. Kapansin-pansin nga ang pagbabago sa kantidad (quantitative change), pero paano na lang ang pagbabago sa kalidad (qualitative change)?

Gugunitain ang International Women's Day sa Marso 8. Sinimulan ng United Nations (UN) ang taunang komemorasyon noong **1975**. Bakit **Marso 8**? Ito kasi ang araw na nag-aklas ang kababaihan ng Rusya noong 1917 sa

kalagitnaan ng Unang Digmaang Pandaigdig. Ang kanilang kolektibong panawagan noon ay tinapay at kapayapaan (“*Bread and Peace*”). Ilang araw pagkatapos ng kanilang kilos-protesta, nag-abdicate ang Czar at ang pumalit na gobyerno ay binigyan ang kababaihan ng karapatang bumoto.

Kung may aral tayong dapat makuha sa kasaysayan ng pagkilos ng kababaihan, ito ay ang malinaw na progresibong pinagmulan ng Marso 8. Mainam na ipagpatuloy ang tradisyon ng kolektibong pagkilos ng kababaihan para sa pagbabagong nais makamtan. PW

*Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa https://risingsun.dannyarao.com*

Basahin online ang newsmagazine na naglalaman ng balita, indepth at imbestigatibong mga ulat, progresibong analisis at opinyon, at likhang-sining!

www.pinoyweekly.org

Facebook.com/pinoyweekly.org
Twitter.com/pinoyweekly

# Araw o buwan ng kababaihan

HUSGAHAN NATIN



ATTY. REMIGIO SALADERO JR.

**Marso na ulit, mga kasama. Tuwing Marso 8 ay nakaugalian na natin sa ating bansa na ipagdiwang ang Araw ng Kababaihan.**

Nagsimula ang tradisyong ito sa **Soviet Russia** noong **1917**.

Matapos maipanalo ng kababaihan sa bansang Russia ang karapatan para bumoto noong **1917**, sinimulan sa bansang ito ang pagdiriwang ng **Araw ng Kababaihan** tuwing **Marso 8** na naging public holiday.

Lumaganap ito at ginaya na rin ng ibang sosyalistang bansa.

Ganun pa man, mayroong nagsasabi na ang paggunita sa Marso 8 ay nagsimula sa **New York, USA** bilang pag-alaala sa welga ng **International Ladies’ Garment Workers’ Union** noong **1908**.

Noong **1977**, nagpasya ang **United Nations** na ipagdiwang na rin ito sa ganoong petsa. Kaya sa ibang bansa, kahit hindi public holiday ang Marso 8, ay pinagdiriwang pa rin nila ang Araw ng Kababaihan sa pamagitan ng mga seremonya.

Ngunit hindi lamang ito ang ginagawa dito sa Pilipinas.

Dito sa ating bansa, ang buong buwan ng Marso ay pinagdiriwang natin bilang **National Women’s Month.**

Ito’y upang alalahanin ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga babae sa ating lipunan.

Hindi maitatwa na maraming kababaihan sa ating bansa ang humahawak ng mahalagang posisyon sa mga unibersidad at mga paaralan, sa mga lokal at pambansang antas ng pamahalaan, sa mga ospital at pagamutan, sa mga mass media, sa mga pribadong negosyo, at iba pa.

Sa pulitika, dalawa na sa ating naging Pangulo ang galing sa hanay ng kababaihan: si **Corazon Aquino** at si **Gloria Arroyo.** Sa kasalukuyan, numero unong senador si **Grace Poe,** isa ring babae.

Sa katunayan, simula noong **1990**, mas maraming nakatapos na kababaihan kaysa kalalakihan dito sa ating bansa.

Ngunit sa kabila ng lahat, hindi natin maitatwa na ang ating lipunan ay isang male-dominated society.

Ibig sabihin, tradisyon na sa ating lipunan na ang kalalakihan ang nanaig at kinikilalang mas superyor sa maraming bagay.

Kaya, kahit batay sa statistika mas marami ang kababaihan na nakatapos sa pag-aaral, mas marami pa ring lalaki ang natatanggap sa trabaho.

Dahil ito sa paniniwalang mas magaling ang mga lalaki kaysa mga babae.

Ito ri’y makikita sa mga anti-women remarks na di-umano ay biro lamang ni **Pangulong Rodrigo Duterte**, tungkol sa kababaihan.

Halimbawa, ang ang kanyang sinabi na dapat barilin ng mga tropa ng gobyerno ang mga babaeng NPA sa kanilang mga ari; ang pagmumura niya kay **UN Special Rapporteur Agnes Callamard**; ang pang-iinsulto niya kay **Vice-President Leni Robredo;** ang sinabi niyang hindi dapat babae ang dapat na maging **Ombudsman** kapalit ni **Conchita Carpio Morales;** ang nabanggit niya na pang-aabuso sa kanilang babaeng katulong noong siya ay bata pa; at marami pang iba.

Para na rin nating hindi pinasa ang **Republic Act No. 9262** (Anti-Violence Against Women and their Children), ang **Republic Act No. 7877** (An Act Declaring Sexual Harrasment Unlawful in Employment, Education, or Training Environment), ang **Republic Act No. 6955** (An Act To Declare Unlawful the Practice of Matching Filipino Women for Marriage to Foreign Nationals), at ang **Republic Act No. 8353** (An Act Expanding the Crime of Rape), na naglalayong bigyan ng sapat na proteksiyon ang ating mga kababaihan.

Ngayong buwan na naman ng Marso at kahit pagkalipas nito’y dapat nating alalahanin at igalang ang mga karapatan ng kababaihan. PW




# Makabayan Sla

**Ano ang progresibo o makabayan sa pag-eendorso ng tra tumatakbo sa pagkasenador ngayong eleksiyon? Ni Teo S.**

**Noong Marso 3, inanunsiyo ng Koalisyong Makabayan ang siyam na kandidatong senador na ineendorso nito. Nangunguna siyempre ang kandidato nitong si Neri Colmenares, aktibistang abogado at mambabatas sa mahabang panahon.**

Kasama rin ang mga kandidato ng **Liberal Party** na nakilala na dahil sa matapang at mahusay na pagtuligsa sa rehimen ni **Rodrigo Duterte:** sina **Chel Diokno, Samira Gutoc,** at **Erin Tanada.** Kasama rin si **Florin Hilbay,** kahit kilala siyang tagapagtanggol ng rehimen ni **Benigno "Noynoy" Aquino III.** Isang bungkos sila kasama ni Colmenares dahil sila ang nasa unahan ng pagtuligsa ngayon sa rehimeng Duterte.

Pero kasama rin ang ilang kilalang pulitiko: **Bam Aquino, Nancy Binay, Serge Osmena** at **Grace Poe.** Lahat sila, pana-panahon sa nakaraan, ay nakipagtulungan na sa **Koalisyong Makabayan** sa iba't ibang isyu -- bagamat hindi konsistent.

Bakit sila ineendorso ng Koalisyong Makabayan? Malinaw ang dahilan sa pahayag nito: pagkakaisa sa mga batayang kahilingan ng mga mamamayan sa ilalim ng rehimeng Duterte. Pagbasura sa **Tax Reform for Acceleration and Inclusion (Train) Law** at paglaban sa **Charter Change (Cha-cha)**. Respeto sa kababaihan, karapatang pantao, at karampatang proseso. Soberanya sa **West Philippine Sea.** Usapang pangkapayapaan sa **National Democratic Front.**

Sa pangkalahatan, katanggap-tanggap ang hanay, dahil walang malapit kay Duterte. Lahat, sa minimum ay pana-panahong tumataliwas sa kanya, kung hindi man tumutuligsa. At lahat, handang makipagtulungan sa Koalisyong Makabayan.

Mula sa perspektibang aktibista, madaling makita na iyung mga kilalang pulitikong nabanggit ay hindi matatag at tuluy-tuloy na tumindig sa lahat ng nabanggit na isyu sa nakaraan. Posible rin na hindi sila matatag at tuluy-tuloy na tumindig sa lahat ng isyung nabanggit sa hinaharap. Ganyan naman ang malalaking pulitiko sa kasaysayan ng bansa; walang dahilang umasa sa kanila.

Pero bakit ba sila lumalapit sa Koalisyong Makabayan? Maraming dahilan, pero dalawa muna: Una, patunay ito ng tunggalian ng mga paksiyon ng naghaharing uri. Hindi mapagbigyan ng dominanteng paksiyon ni Duterte ang lahat -- sa posisyon sa gobyerno at pang-ekonomiyang pakinabang. Kailangan ng mga naeetsa-puwerang paksiyon ng kaalyado para sa mga taktikal na layunin, pati eleksiyon.

Ikalawa, dahil makabu-luhang puwersang pampu-litika ang pambansa-demokratikong Kaliwa sa Pilipinas. Kapag eleksiyon, makikitang hindi totoo ang sinasabi ng ilang intelektuwal at grupo: na lipas na at mahina ang Kaliwa sa bansa. Maraming pulitikong gustong maendorso ng Kaliwa. Marami pa ngang nagpapanggap na maka-Kaliwa -- patunay ng pagkakaisa ng Kaliwa at masa.

Pero bakit sila tinatanggap ng Koalisyong Makabayan? Dahil dalawa lang ang puwedeng gawin ng Kaliwa sa bawat pagsisikap -- sa pagpapatalsik man ng pangulo o paglulunsad ng kampanya o pagpapanalo sa eleksiyon: ang makipagkaisang-prente o hindi. At sa pakikipagkaisang-prente sa isang taktikal na layunin at yugto, hindi makokontrol ang gagawin ng alyadong pulitiko habang at pagkatapos.

Pero tuluy-tuloy ang kilusang masa, at tuluy-tuloy ito sa pagtuligsa sa masama, kahit pa naging alyado ang gumawa. Tuluy-tuloy rin naman ito sa pagsisikap na paunlarin ang mga napagkaisahan sa mga alyado. At malinaw ang Kaliwa: hindi nakikipag-alyado sa mga pinakabulok, tampok ang mga **Marcos** at **Macapagal-Arroyo;** konsistent pa nga ang Kaliwa sa pamumuno sa pagtuligsa sa kanila.

Isang masigalot na halimbawa: pakikipag-alyansa ng Makabayan kay **Manny Villar** sa eleksiyong 2010. Sinikap noong kausapin si Noynoy Aquino, pero siya ang tumanggi; samantalang si Villar, nag-alok ng pagkakaisa. Inalyado rin ni Villar si **Bongbong Marcos** noon at ngayon ay dikit si Marcos kay Duterte. Ang pinapatunayan: kailangan ng taktikal na alyado noon, at hindi makokontrol ang gagawin ng alyado.

Si **Lenin** ang gurong Marxista na maraming isinulat kaugnay nito. Tungkol sa paglahok sa reaksiyunaryong eleksiyon -- at tinanggap ng pilosopong Hungarian na si **Georg Lukacs** ang puna tungkol rito. Tungkol




te 2019

disyunal na mga pulitiko na
. Marasigan

sa pagiging ultra-Kaliwa ng hindi paglahok. Tungkol sa pakikipag-alyansa sa mga paksiyon ng naghaharing uri -- kahit pansamantala, kahit papaling-paling at oportunista ang mga ito, at iba pa.

Pero may napakaganda siyang sinabi minsan: “Kung sinuman ang umaasa sa ‘purong’ rebolusyon ay hindi kailanman makakakita ng gayon sa kanilang buong buhay. Ang ganoong tao ay nagpapabalat-bunga tungkol sa rebolusyon nang hindi nauunawaan kung ano ang rebolusyon.” Masalimuot na teorya-at-praktika ang rebolusyon: pag-uugnayan ng Marxistang prinsipyo at ng mabunga sa pulitika.

Mayroon ding mga nag-tatanong, kung hindi man nagpapahayag ng diskuntento: bakit hindi inendorso ng Koalisyong Makabayan ang mga kandidato ng grupong **Labor Win**? Hindi ba’t mas matatag sa nabanggit na plataporma ang mga lider-manggagawang sina **Sonny Matula, Ernesto Arellano, Allan Montano,** at **Leody de Guzman**? Hindi ba’t nakasama na sila sa mga rali laban kay Duterte?

Hindi ko alam ang eksaktong paliwanag ng Koalisyong Makabayan, at nagpahayag na itong handang dagdagan ang inendorso. Pero ito ang masasabi natin: mayroon nang alyansang Labor Win, kung saan nakapaloob si Colmenares. Pag-abante na ito mula sa nakaraan, na hindi nagkakaisa ang naturang mga grupo kapag eleksiyon. Nitong Mayo Uno 2018 lang sila nagsama-sama sa isang mobilisasyon.

Masalimuot ang kasaysayan ng mga organisasyong sumusuporta sa Koalisyong Makabayan, tampok ang **Bagong Alyansang Makabayan** o **Bayan**, at ng ilang grupo sa Labor Win, tampok ang **Bukluran ng Manggagawang Pilipino**. Ang pangkalahatang tunguhin sa hinaharap ay pagkakaisa. Pero ang pinagmulan ay matinding tunggalian. Sa ngayon, ito ang inaabot ng pagkakaisa; hindi na masama.

Makukuwestiyon ba ang pagiging maka-prinsipyo at progresibo ng Koalisyong Makabayan dahil dito? Mas may batayan na magtiwala sa koalisyon at mga bumubuo nito kaysa husgahan ito batay sa eleksiyon. Sa puntong ito masasabi: sekundaryang porma lang ito ng pakikibaka; mas mahalaga ang kilusang masa. Sekundaryang masalimuot, oo, pero malinaw kung nasaan ang progresibo. PW

# Tugon ng mga inendorso ng Makabayan

## Neri Colmenares

“Ngayon ang taumbayan ay nagtatanong ng higit sa political parties, higit sa mga pangako. Tumitingin sa track record at posisyon ng mga kandidato sa isyu. Kaya napakalaki ng tsansa ng independiyenteng mga kandidato dahil ang administrasyon hindi kayang sagutin ang tanong at issue ng mga mamamayan.” Tangan ni Colmenares, ang pangunahing ineendorso, ang mga isyung nabanggit ng Makabayan.

## Erin Tañada

“Kailangan natin ng mga taong hindi takot sabihin sa ating pangulo na mali ang ginawa po niya sa coco levy fund. Importanteng-importante po dahil marami pong nariyang naiiwanan, napapabayaan, nakakalimutan, nakakaligtaan. Importanteng-importante po na ang Senado, handang maghanap ng iba’t ibang mga solusyon.” Bahagi ng ipinaglalaban ni Tañada ang karapatan ng mga magsasaka.

## Serge Osmeña

“Bumabalik po ako sa senado sapagkat nakikita ko na ang kulang natin dito sa ating bansa ay ekonomiya. Sa ekonomiya po ang inflation, presyo ng gaas, presyo ng diesel at iba pa. Tumataas at tumataas ‘yan… Lahat ng tao dito sa ating bansa, gumagamit ng diesel… Pag tumataas ang diesel, tumataas ang presyo ng lahat.” Nabanggit rin ni Osmeña ang pagtuligsa niya sa pederalismo ngayong hindi pa handa ang ekonomiya ng mga rehiyon.

## Atty. Chel Diokno

“Napakaraming hindi makatarungang nangyayari sa atin. Pero ayaw pag-usapan ng mga politiko. Ayaw nila pag-usapan ang katarungan dahil ang ibigsabihin ng katarungan ay pananagutan, at sila’y natatakot na sila’y mabilanggo kapag maayos na ang katarungan sa ating lipunan.” Isa sa mga pangunahing bitbit na isyu ni Diokno ang pagsasaayos sa justice system sa bansa.

## Atty. Florin Hilbay

“Naipanalo at pinaglalaban pa rin po natin ang ating soberanya sa West Philippine Sea. Akala ko po retirado na ako, puwede na bumalik sa UP, puwede na magturo. Ngunit paulit-ulit ang hamon na nagpalabas sa atin sa unibersidad. Pinaglaban po natin si Senador Leila De Lima, dahil paniniwala natin na karapatan ng isang mamamayan na tumindig laban sa isang presidente.” Naninindigan rin si Hilbay laban sa patuloy na pagpatay sa mga mahihirap sa ilalim ng Oplan Tokhang.

## Samira Gutoc

“Ang kamulatan at kamalayan ay hindi kasalanan. Ang karapatang magprotesta ay hindi dapat isara. Kaya profiling, no to profiling! … Ang isang babae [raw] ay hindi nakakapag-isip pa, ineetsepuwera. Kami ay naninindigan. Kami po ay kailangang tumindig.” Ilan sa mga dala-dalang adbokasiya ni Gutoc ay proteksiyon para sa kababaihan at pagtigil sa pandarahas sa mga aktibista.

## Brian Poe Llamanzares, representatibo ni Sen. Grace Poe

“Ang naging prayoridad niya [Grace Poe] ay ang mga batas para sa mga anak niyo. Unang naipasa niya ay ang Masustansyang Pagkain Para sa Batang Pilipino Act, at sa ilalim ng batas na ito, apat na milyong bata ang nagkaroon ng libreng pananghalian araw-araw sa kanilang eskwelahan.” Binida rin ni Llamanzares ang iba pang benepisyo ng mga Pilipino na ayon sa kanya ay higit nakamtan dahil sa kanyang ina.

## Atty. Danton Lucinario, representatibo ni Sen. Nancy Binay

“Pagdating sa isyu ng rice tariffication, bakit po ba nakalimutan yung interes ng magsasaka? Kung ang pag-ani, pag-tanim, pag-ani, ng bigas sa ibang bansa ay mas mura, bakit hindi natin tanungin, ano ba ang dapat gawin ng pamahalaan para ang magsasaka natin ay maging kompetitibo?” Tangan rin umano ni Binay ang pagtuligsa sa pagpapababa ng edad para sa criminal responsibility.

## Timi Aquino, representatibo ni Sen. Bam Aquino

“Napakaimportante po ang pag-endorso ng Makabayan kay Sen. Bam Aquino dahil alam po ng lahat na inuuna po ng Makabayan ang taumbayan at hinuhuli ang pulitika.” Nabanggit rin ni Timi Aquino ang adbokasiya ni Sen. Bam para sa mga kabataan.

*Ulat ni Jobelle Adan*

# Suporta sa Venezuela

Laman ng balita ngayon ang bansang **Venezuela**. Sabi ng midya ng malalaking kapitalista, may **"humanitarian crisis"** doon: walang pagkain at batayang pangangailangan para sa mga tao, at diktador ang pangulo. Gusto raw tumulong ng US at ng oposisyon ng Venezuela, pero hinahadlangan ng gobyerno. Hindi raw lehitimo ang gobyerno ni **Nicolas Maduro**; ang dapat kilalaning presidente ay ang oposisyunistang si **Juan Guaido.**

Sa usong bansag ngayon, **"fake news"** ang lahat ng ito -- pero pinapalaganap ng malalaking kumpanya ng midya sa mundo. Kailangang magbalik-tanaw sa katangian ng gobyerno ng Venezuela at sa tuluy-tuloy na pag-atake rito ng US. Sa ganito natin mauunawaan ang kalagayan ngayon ng ekonomiya ng bansa, ang nilulutong gera ng US sa Venezuela, at ang pangangailangan ng tuluy-tuloy na pakikiisa sa sambayanan doon.

### Gobyernong Bolivariano

Kaiba sa gobyerno ng maraming mahirap na bansa, ang gobyerno ng Venezuela ay hindi sunud-sunuran sa US. Naggigiit ito ng pambansang kalayaan at soberanya laban sa mga dikta ng US at ibang bansa. Tinitingnan nito ang sariling mga patakaran na pagsusulong ng sosyalismo. Nakiki-pagkaisa ito sa mga bansa at organisasyon sa mundo na kumakalaban sa imperyalismo, neoliberalismo, at maging sa rasismo at seksismo.

Nagsimula ito noong **Disyembre 1998**, nang manalong pangulo si **Hugo Chavez**, isang opisyal-militar. Ang tawag niya sa prosesong kanyang sinimulan, "Rebolusyong Bolivariano," hango kay **Simon Bolivar,** bayaning anti-kolonyal sa Latin America. Nang mamatay siya noong **Pebrero 2013,** nanalo sa eleksyon kapalit niya si Maduro, dating drayber ng bus na naging bise-presidente niya. Ipinagpatuloy ni Maduro ang sinimulan ni Chavez.




Libu-libong Venezuelan ang nagmartsa sa Caracas para ipahayag ang paglaban sa panghihimasok ng US na nagpapanggap na ayuda. Sa kanyang talumpati sa protestang #HandsOffVenezuela, inanunsiyo ni Pang. Nicolas Maduro na may nabigong kudeta sa kanilang bansa na pinangunahan ng US, ni Pang. Ivan Duque ng Colombia at ng Lima group. V. ARUN KUMAR/ PEOPLES DISPATCH

Nagpatupad ang gobyernong Chavez-Maduro ng mga repormang pabor sa mga mamamayan. Noong **1998**, kalahati ng populasyon ang gutom; noong **2015**, sinabi ng **UN Food and Agriculture Organization** na halos napawi na ang kagutuman sa bansa. Ngayon, sapat ang tanim na halamang ugat, prutas at gulay bagamat angkat pa rin ang pagkain at gamot. Nakakakain ang lahat, kahit ginigipit ng malalaking kapitalista ang suplay ng pagkain.

### Kudeta at sanctions

Hindi tinigilan ng gobyerno ng US, kasabwat ang oligarkiya ng Venezuela sa ekonomiya at pulitika, ang pag-atake sa gobyernong Bolivarian. Noong **Abril 2002,** halimbawa, kinudeta si Chavez at napaalis sa **Miraflores**, Malakanyang nila. Ilang araw pagkatapos, naibalik siya sa pwesto nang magmartsa, lumusob ang mga mamamayan sa Miraflores. Tila lalo siyang naging radikal dahil rito; sabi niya, utang niya ang buhay niya sa sambayanan.

Ginawa ng US sa Venezuela ang dating gawi nito sa mga

SUNDAN SA PAHINA 10

ALAB
ALTERNATIBONG BALITA

## Motion for reconsideration, isinampa ng mga guro sa Court of Appeals

Nagsumite ng motion for reconsideration lider-guro ng Alliance of Concerned Teachers (ACT), kasama ang kanilang legal counsel mula sa National Union of People's Lawyer (NUPL) sa Court Of Appeals (CA) alinsunod sa pagwawalang-saysay sa inihain nilang petisyon na ideklarang 'unconstitutional' ang pag-profile sa kanilang mga miyembro ng ACT.

Naging basehan ng korte ang di-umano'y teknikal na kahinaan upang hindi katigan ang nasabing grupo.

Naniniwala ang grupo na ginawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang magbigay ng paglilinaw at karagdagang impormasyon ayon sa hinihingi ng korte. Kaya't hinihimok nila ang CA na bigyang pansin ang kanilang petisyon lalo na ngayong tumitindi ang pag-atake sa mga guro at sa kanilang organisasyon.

Gayunman, pinagkalooban ng ACT ang korte at respondent ng kopya ng rekwes ng grupo at follow-up letter sa PNP at DepEd Manila upang magbigay ng cerrified true copies ng kautusan hinggil sa pag-profile sa mga guro-unyonista. ***Abie Alino***

## Manggagawang pangkultura sa Bohol, ilegal na inaresto

Mariing kinondena ng Concerned Artists of the Philippines (CAP) ang pag-aresto sa manggagawang panteatro na si Alvin Fortaliza noong Marso 4, sa Guindulman, Bohol.

Si Fortaliza ang Artistic Director ng Bol-anong Artista nga may Diwang Dagohoy (Bansiwag Bohol) na nagtatanghal at nagsasagawa ng mga pagsasanay sa teatro sa Central Visayas.

Ayon sa CAP, inaresto si Fortaliza ng mga myembro ng SWAT at pulis habang nangangampanya para sa Anakpawis Partylist sa palengke ng Guindulman at agad na ikinulong. Napag-alaman din nilang kinasuhan ang biktima ng dalawang gawa-gawang kaso ng pagpatay.

Binatikos ng grupo ang patuloy na pandarahas at pagpaslang sa mga kritiko ng gobyerno tulad ng mga manggagawa, magsasaka, taong simbahan, at maging ng mga manggagawang pangkultura.

Nanawagan ang CAP sa awtoridad na bawiin ang mga maling paratang laban kay Fortaliza at agad itong palayain. ***Soliman A. Santos***

**Alab ang kauna-unahang progresibong *online newscast*!**

**Tangkilikin! Panoorin sa Facebook at YouTube!**

facebook.com/altermidya • youtube.com/channel/UC9OzvUB6mcw21YzzN9eEYog



**MARIING KINONDENA** ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) ang militar at pulis sa Guihulngan, Negros Oriental sa planong pagsasampa ng kaso laban sa kanilang leader at organisador ng Humanitarian/Peace Mission for violations of the provisions of the Provincial Ordinance Number 5. Hinaharas ang Fact-Finding Mission ng mga sundalo at tinatakot ng mga magsasakang nagsasaka at pinaparatangang NPA. KONTRIBUSYON

## NFA, hinamon ng Bantay Bigas

Hinamon ng grupong Bantay Bigas at National Federation of Peasant Women o Amihan ang National Food Authority (NFA) Council na ibenta ang bigas sa halagang 27 kada kilo upang maging abot kaya sa milyun-milyong Pilipinong mahihirap.

Isinagawa ang nasabing paghamon sa NFA sa naganap na protesta ng nasabing grupo sa pagpi-pinal ng Implementing Rules and Regulation ng RA 11023 Rice Liberalization Law in front of the Department of Agriculture (DA).

"Hinahamon namin ang NFA Council na magbenta ng P27 kada kilo ng bigas sa mga palengke at hindi imported at commercial na bigas. Alam namin na hindi ito mapag-uusapan sa IRR dahil ang direksyon ng batas ay pagbaha ng imported na bigas na diktado ng mga pribadong traders at pag-alis sa responsibilidad ng gubyerno sa pamamahala ng seguridad ng pagkain sa bansa", ani Cathy Estavillo, Tagapagsalita ng Bantay Bigas at Secretary-General ng Amihan.

Naniniwala ang Amihan at Bantay Bigas na hindi solusyon sa krisis sa bigas ang ipinasang Rice Liberation Law. Sa halip, abot sa 10 milyong Pilipino ang lubhang maapektuhan at makakaranas ng gutom at kahirapan sa oras na maipatupad na ang batas na ito.

"Nitong nakaraang taon, Pebrero pa lang sinasabi na ng NFA council na walang stock ng bigas at kailangang mag-import, pero sa aktwal kinukundisyon ang mamamayan na umasa sa imported. Ngayong 2019, ang stock ng bigas sa NFA ay hanggang Agosto na lang, ibig sabihin, sa bisa ng RA 11023, 'goodbye' na sa pagpapataas ng lokal na produksyon at magugutom ang mamamayan sa mahal ng presyo ng imported at commercial na bigas," dagdag pa ni Estavillo. ***Abie Alino***

# Suporta sa Venezuela Mula sa pahina 8



Pang. Nicolas Maduro ng Venezuela

bansang itinuturing na kalaban: inatake ang ekonomiya. **Marso 2015**, nagpataw ang gobyerno ni **Barack Obama** ng sanctions: lahat ng pag-aari ng Venezuela sa US, hinarangan; lahat ng kumpanya sa US, binawalang makipag-ugnayan. **Agosto 2017**, nagpataw ng bagong sanctions ang gobyerno ni **Donald Trump:** bawal ang bagong pautang, bawal bumili ng langis sa gobyerno ng Venezuela.

Mabigat ang pagsandig ng Venezuela sa pagbebenta ng langis. Sa ilalim ni Chavez, isinabansa ang kumpanya ng langis, tinaasan ang presyo, at ang nalikom na pondo ay inilaan sa mga serbisyong panlipunan -- edukasyon, kalusugan, pabahay. Pero simula gitna ng **2014** ay bumababa ang presyo ng langis sa mundo. Dinagdagan pa ito ng mga sanction ng US. Ang resulta: pagliit ng pondo na hawak ng gobyerno at pagiging bulnerable sa sabotahe ng oligarkiya.

### Atake ngayon

Sa midya ng malalaking kapitalista, pinapalabas na matindi ang kagutuman, kahirapan, kawalan ng bilihin, pagtataasan ng presyo, at paglikas ng mga tao palabas ng bansa. Disaster: ito ang tinatawag ng US na "humanitarian crisis." At para raw matigil ito at makapaghatid ng tulong sa mga mamamayan, handang pumasok sa bansa ang US. Mula nang maging pangulo siya, hindi tumigil si Trump ng pagpapalipad-hangin tungkol sa paggera sa bansa.


Nitong Enero 23, idineklara ni Juan Guaido, lider-oposisyon sa Venezuela, ang sarili bilang "interim president." Ang dahilan niya: hindi lehitimo ang eleksyon noong 2018 na naghalal muli kay Maduro, kahit maraming tagamasid ang nagsabi ng kabaligtaran. Agad nagpahayag ng suporta ang US at 50 gobyernong alyado nito. Malakas ang loob nila dahil sa pagkahalal ng mga maka-Kanang kandidato sa Latin America nitong nakaraang mga taon.

Nitong Pebrero 23, pinilit ng US na ipasok ang mga "tulong humanitarian" sa Venezuela sa pamamagitan ng hangganan nito sa Colombia at Brazil -- mga bansang pinaghaharian ng mga pasista. Ang layunin ng US at mga kakampi nito: mag-udyok ng labanan at ng pagtalikod ng militar kay Maduro. Pero nabigo silang ipasok ang kanilang "tulong," mag-udyok ng komprontasyon, at kumabig ng militar palayo kay Maduro.

### Patuloy na banta at suporta

Habang isinusulat ito, bumalik na si Guaido sa bansa matapos manawagan ng mga protesta doon. Pero bago

## ANG TARAY!



"Mas naiintindihan ko pa at mapapatawad 'yung mahihirap na napilitang magnakaw dahil sa gutom at kagipitan kaysa dun sa mga taong may mataas na pinag-aralan at katungkulan pero nagnakaw sa bayan.

**John Arcilla,** aktor


## BIDA SA BALITA

NI RENAN ORTIZ



**LARRY GADON.** Nuisance candidate sa pagkasenador. Pakawala ng rehimeng Duterte. Pinagtatawag na mga bobo raw ang mga ayaw sa kanya. Ang turing siguro sa sarili, matalino. Minsan na niyang sinabing pagpapapatayin niya ang mga Muslim -- kasama ang inosenteng mga sibilyan -- para mapuksa ang terorismo. Kabobohan.

## KILITING DIWA




**BABALA:**
**Mga mahal na magulang, pakiingatan ang inyong mga anak sa kumakalat na MOMO CHALLENGE**

# Rabies sa panahon ng tag-init

Nananatiling banta sa kalusugan at buhay ng mga tao ang rabies sa Pilipinas. Isa ang Pilipinas sa 10 bansa na may pinakamalubhang problema sa naturang virus. Tinatayang 200-300 katao ang namamatay sa bansa dahil dito.

Ang rabies ay isang viral infection na nakukuha mula sa kagat o kalmot ng hayop tulad ng aso, pusa, paniki, at daga. Sa Pilipinas, **99%** ng paglipat ng rabies sa tao ay nanggaling sa aso, ayon sa **Department of Health.**

Tinaguriang **Rabies Awareness Month** ang Marso batay sa **Executive Order No. 84** na pinirmahan ni dating pangulong **Joseph Estrada** noong **Marso 13, 1999.**

Kapag nakagat ng hayop na may rabies, hindi agad ito malalaman kaya kailangang agapan. Tintayang tatlo hanggang walong linggo bago pa makita ang mga sintomas. Ang sintomas ng rabies ay ang pamamanhid ng parte ng katawan na may sugat, pagwawala, paglalaway at paninigas ng mukha.

Kailangan ring tandaan na kapag nagkaroon na ng sintomas ng rabies ay mahirap na itong gamutin.

Kung nakagat ng aso o pusa, agad itong hugasan gamit ang tubig at sabon. Maaari ring lagyan ng **povidone iodine** ang sugat. Huwag lagyan ng **ointment** o balutan ng basahan o anumang makasisikip sa sugat para lumabas ang laway ng hayop na posibleng may dala ng rabies.

Huwag gamitin ang mga paunang lunas tulad ng bawang, suka, o toyo ang sugat. Hindi ito nakagagamot at baka magdulot pa ng tetano.

Dalhin kaagad ang pasyente sa pinakamalapit na ospital o Animal Bite Center na matatagpuan sa mga barangay health centers.

Kailangan ding obserbahan ang aso o pusa sa loob ng **10 araw.** Kapag nagpakita ito ng senyales ng rabies tulad ng paglalaway at pagwawala, dalhin ito sa ospital para maeksamen ang utak.

Pinakamainam rin na pabakunahan ang mga alagang hayop dahil ito ang pinakamabisang paraan upang maiwasan ang rabies. PW



## Tala-Kaalaman ni Boy Bagwis

### Tratadong Hapon inalmahan ng Pinoy

Alam n'yo ba na may tatlong kasunduan na agad pilit ipatupad ng mga Hapon ang mabisang nag-alis ng anumang ilusyon hinggil sa kasarinlan?.

Ang Pact of Alliance at mga lihim na kasunduan, isang pinamagatang "Memoramdum on Questions between Japan and the Philippines Arising from Philippine Independence". Ang Pact of Alliance ay nilagdaan ilang oras matapos magpasinaya sa bagong republika.

Itinakda ang kasunduan ang malapit na kooperasyon ng dalawang bansa sa mga bagay na may kaugnayan sa politika, ekonomiya at militar para sa matagumpay na pagpapatuloy sa War of Greater East Asia.

Malinaw ang probisyong ito na ang pangunahin ay ang malapit na pagtutulungang militar.

Magkakaloob ang Pilipinas ng lahat ng pasilidad para sa operasyong militar ng Hapon; malapit na magtutulungan ang Hapon at Pilipinas upang pangalagaan ang katatagan ng teritoryo at kasarinlan ng Pilipinas.

Ikinababahala ng publiko ang teksto ng Pact kaya naglabas ng paglilinaw si Laurel at idiniing pandepensa ang alyansa, na hindi makikipagdigma ang Pilipinas laban sa anumang dayuhang bansa, na ang sundalong Pilipino ay hindi maglilingkod sa labas ng bansa sa halip makikipaglaban lamang upang ipagtanggol ang Pilipinas sa mga mananalakay. PW

## Suporta sa Venezuela

Mula sa pahina 10

ang Enero, 80 porsyento ng mga mamamayan ang hindi nakakakilala sa kanya. Totoo, naghahatid ngayon ng tulong ang United Nations at Red Cross, pero dahil ito sa kakapusan ng mga suplay bunsod ng mga sanction at pananabotahe. Ginawa ng US at oligarkiya ang kahirapan sa ekonomiya, na pinapalaki nila ngayon sa tawag na "humanitarian crisis."

Pero sa kabila ng pag-uudyok ng US at ibang bansa, matapat pa rin kay Maduro ang militar. Gayundin ang mga mamamayan na nagpoprotesta para depensahan ang gobyerno. Kalakhan ng mga bansa, 75 porsyento, ang nagpahayag ng suporta kay Maduro, kasama na ang mga superpower na China at Rusya, mga karibal ng US. Kahit ang Brazil, Colombia, Chile at Peru, maging ang Spain at Germany, na mga kakampi ng US, dumistansya sa plano nitong gera.

Luma na ang palusot na "humanitarian" para sa gera ng US; ginamit na ito sa Iraq, Libya at iba pang bansa. Lantad ang motibo ng US: kontrolin ang reserba ng langis ng Venezuela, na pinakamalaki sa mundo, at ang ekonomiya nito. Gusto rin ng US na payukurin sa paghahari nito ang isang bansang inspirasyon at kaisa ng maraming kilusan sa paglaban sa imperyalismong Amerikano. Malinaw kung kanino pumapanig ang mga mamamayan ng mundo. PW

**Rebyu ng maikling bidyo na *Kangkungan*, ni Mike de Leon.**

**Ni Lucan-Tonio Villanueva**


# Itapon sa kangkungan

**Matapang. Direkta. Malagim. Malinaw ang puntirya. Ganyan kung ilarawan ang pinakabagong gawang bidyo (ala public service announcement) ng batikang direktor na si Mike De Leon.**




Kinulumpon ng direktor ang samu't saring isyung nakakaapekto sa bansa ngayon – mula sa kalaswaan ng bibig ng pangulo, sa pakikipag alyansa at pag suporta niya sa mga anak ng dating diktador na si Ferdinand Marcos, sa pagbebenta ng ating soberanya sa Tsina, sa pagpapakulong niya sa mga kilalang kritiko ng administrasyon, at ang pagpapa-deport sa matandang madreng si Sr. Patricia Fox, hanggang sa madugong giyera kontra droga. Hinabi ng direktor ang mga isyu sa istilo na tila iisa ang pinaggagalingan ng problema ng Pilipinas – si Rodrigo. Ang pangulong namumutiktik sa mura ang bibig.

Kinuwestiyon din niya ang pag eendorso ng pangulo sa mga kandidatong katawa-tawa ang rekord sa pagsisilbi sa tao habang hindi nagpaligoy-ligoy sa kanyang mga gustong sabihin, walang paumanhin niyang idineklarang ito'y isang direktang atake sa pangulo ng Pilipinas, kay Rodrigo Duterte. Anya, itinatapon ni Rodrigo Duterte ang bansang Pilipinas sa kangkungan, isang bansang marangal at may makulay na kasaysayan, isang bayang may integridad. Ang kangkungan ay isang pagsusuma ng maiksi pa lamang ngunit tila sampung taon nang rehimen ni Duterte, isang eksposisyon sa gobyernong nagdudulot ng malubhang pasakit sa mamamayang Pilipino. Walang pakundangan at klaro ang atake ni De Leon, ipinakita niya kung gaano kabastos ang pangulo ng Pilipinas at kung paano ito tinatangkilik ng mga tagasuporta niya.




Ramdam na ramdam ang muhi sa tono ng pananalita sa bidyo, parang galit na matagal nang tinimpi at biglang sumabog sa porma ng isang bidyo. Nagngingit nit ngunit pinilit na ipaliwanag ang sarili alang-alang sa nakakakarami.Sa huli, nakiusap ang direktor sa mga Pilipino, lalo na sa mga kabataan, na ang senado ang huling independiyenteng sangay ng gobyerno sa panahon ni Duterte, at kinakailangang bumoto na parang nakasalalay ang sariling buhay dito.

Maging pelikula man o dokumentaryo, mula sa Itim, hanggang sa *Bayaning Third World,* ang mga likha ni De Leon ay nananatiling makabuluhan. Ang kanyang mga obra ay isang buhay na patunay, na ang sining ay maaring maging sandata sa pagmulat ng mamamayang palagiang niloloko at pinaiikot ng mga pulitiko tuwing panahon ng eleksiyon. PW

***Mapapanood ang bidyo sa FB page ng Citizen Jake***